# *Breaking The Tabo* and the Filipino Diaspora in North America: Isang Kontra-Semiolohikal na Pagsusuri sa Online Series ng One Down Media

Vangie C. Sumalinog, Leslie Anne L. Liwanag, and F.P.A. Demeterio III

## Abstrak

Sinuri ng pag-aaral ang *Breaking the Tabo*, isang serye na ipinalabas online ng One Down Media, bilang isang teksto ng kulturang popular na nagsisilbing larangan ng kontra-diskurso hinggil sa identidad at representasyon ng diasporang Pilipino sa Hilagang Amerika. Layunin nitong alamin kung paano gumagana ang serye bilang isang kontra-mitikong teksto na humahamon sa mga dominanteng representasyon ng Pilipino sa Kanluran. Ginamit na pagsusuri sa pag-aaral ang kontra-Barthesianong semiolohiya at isinagawa ang di-intrusibong biswal at tekstuwal na pagsusuri sa pitong episodyo ng unang season ng serye. Natuklasan mula sa serye ang pitong pangunahing kontra-icon: representasyon ng mga Pilipino sa Hollywood, ang terminong Filipinx, diasporikong pagkalito sa identidad, katayuan ng mga Pilipino sa kasaysayang Amerikano, karanasan ng mga Pilipino sa Canada, pagkaing Pilipino, at kultura ng body shaming. Ipinakikita ng talakayan na ang mga kontra-icon na ito ay nagsisilbing pook ng kolektibong pagkilala at semiotikong paglaban sa historikal na *invisibility*, esensiyalismo, at rasyonalisadong diskurso. Matalas ang mga biswal at tekstuwal na mensahe ng *Breaking the Tabo*. Ipinapakita ng pag-aaral na ang *Breaking the Tabo* ay nananatiling mahalagang anyo ng diskursibong interbensiyon at semiotikong pakikibaka sa kontemporanyong digital na midya ukol sa diasporang Pilipino.

Mga Susing Salita: Breaking The Tabo, One Down Media, Diasporang Pilipino, Kontra-Semiolohiya, SDG 10: Pagbawas sa Kawalan ng Pagkakapantay-pantay

## *Plaridel* Open Access Policy Statement

As a service to authors, contributors, and the community, *Plaridel: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society* provides open access to all its content. To ensure that all articles are accessible to readers and researchers, these are available for viewing and download (except Early View) from the *Plaridel* journal website, provided that the journal is properly cited as the original source and that the downloaded content is not modified or used for commercial purposes. *Plaridel*, published by the University of the Philippines College of Mass Communication is licensed under Creative Commons Attribution-NonCommercial-NoDerivatives 4.0 International License (https://creativecommons.org/licenses/by-nc-nd/4.0/legalcode).

## How to Cite This Article in APA

Sumalinog, V. C., Liwanag, L. A. L., & Demeterio, F. P. A. (2026). Breaking the tabo and the Filipino diaspora in North America: Isang kontra-semiolohikal na pagsusuri sa online series ng One Down Media. *Plaridel*. Advance online publication. https://doi.org/10.52518/2026-30smlglwng

## Abstract

This study examines *Breaking the Tabo*, an online series by One Down Media, as a text of popular culture that functions as a site of counter-discourse on the identity and representation of the Filipino diaspora in North America. It seeks to address the question on how the series operates as a counter-mythical text that challenges dominant representations of Filipinos in the West. The study employs counter-Barthesian semiotics and conducts a non-intrusive visual and textual analysis of the seven episodes from the first season of the series. The results show that seven major counter-icons emerge from the series: representations of Filipinos in Hollywood, the term Filipinx, diasporic confusion of identity, the status of Filipinos in American history, the experiences of Filipinos in Canada, Filipino food, and the culture of body shaming. The discussion demonstrates that these counter-icons function as sites of collective recognition and semiotic resistance to historical invisibility, essentialism, and racialized discourse. The visual and textual messages of *Breaking the Tabo* are incisive; thus, the study highlights the series as a significant form of discursive intervention and semiotic struggle in the contemporary digital media of the Filipino diaspora.

**Keywords:** *Breaking The Tabo*, One Down Media, Filipino Diaspora, Counter-Semiology, SDG 10: Reduced Inequalities

## Introduksiyon

Batay sa mga umiiral na pag-aaral, lumalawak at sumusulong ang mga pananaliksik tungkol sa kultura tulad ng (mis)representasyon ng mga Pilipino-Amerikano (o Filipino-Americans na mas kilala bilang mga "Fil-Am") sa nagdaang dekada (Okamura, 2009; Regullano, 2014; See, 2019). Gayunpaman, nananatiling makitid ang diskurso sa kahulugan ng katawagang "Asian," na kadalasang inuugnay lamang sa mga mula sa Silangang Asya. Bunga nito, sa mga nagdaang taon ay mas naging lantad at masigla ang adbokasiya ng Kilusang Brown Asian Americans sa paghamon sa patuloy na pagsasawalang-bahala sa mas malawak at mas heteroheniyong Asyano Amerikanong komunidad (Nadal, 2019). Sa ganitong konteksto, maaaring unawain ang karanasang Fil-Am bilang isang anyo ng diaspora, dahil sa patuloy at makabuluhang ugnayang kultural, panlipunan, at ekonomiko sa lupang tinubuan, isang katangiang naiiba sa karanasan ng maraming iba pang etnikong minorya sa Estados Unidos (Okamura, 2013).

Mas espesipikong ipinakikita ng mga pag-aaral na kahit kabilang ang mga Pilipino sa pinakamabilis na lumalaking etnikong minorya sa Estados Unidos, na dulot ng imigrasyon at mataas na bilang ng panganganak (Aquino & Magdalena, 2010), patuloy namang pinagtitibay ng mga balita sa midya, etnikong biro, at lokal na literatura ang mga estereotipikong representasyon ng mga Fil-Am (Okamura, 2009). Bagaman may mataas na konsentrasyon ng mga Pilipino sa mga lungsod tulad ng Los Angeles at San Diego, na hindi ganap na kumakatawan sa kabuuang populasyon ng mga Pilipino sa Estados Unidos, nagiging mahalagang espasyo ang mga pook na ito para sa espesipikong artikulasyon ng kanilang mga karanasan at pormasyon bilang Fil-Am (Bonus, 2000). Natunghayan ito maging sa mga establisimyentong panlipunan at pangkultura kung saan hayagang ipinapamalas ang etnikong pagkakakilanlan sa gitna ng historikal at kontemporanyong kondisyon ng pamumuhay sa dayuhang lugar (Bonus, 2000).

Ang *Breaking The Tabo* (One Down Media, 2020h) ay isang satirikal na serye na sumisiyasat sa karanasang Pilipino sa modernong panahon na kadalasang hindi kabilang sa namamayaning diskurso ng mainstream na midya. Ito ay mula sa produksiyon ng One Down Media (ODM) na nakabase sa Amerika. Mapapansin na ang titulo ng serye ay produkto ito ng paglalaro ng mga salita na mula sa katagang Ingles na "breaking the taboo"–isang panlipunang kaugalian na iniiwasan ang partikular

na gawain o mapag-usapan ang isang paksa, dahil sa nakakahiya o nakasasakit sa damdamin ng ilang indibidwal (Collins Dictionary, n.d).

Sa madaling salita, itinatampok ng seryeng *Breaking The Tabo* ang mga karaniwang gawain at kultura ng mga Pilipino-Amerikano, ngunit kadalasang hindi ito napag-uusapan o nakakahiyang pag-usapan. Malaki ang kumpiyansa ng kumpanya na mauunawaan ng mga Pilipino-Amerikano ang ginamit na salitang "tabo" sa titulo dahil isa itong bagay na karaniwang ginagamit ng mga Pilipino sa tahanan, gaya sa pagligo o sa mga palikuran na walang bidet. Hindi nakapagtataka na naging popular at nag-viral ang *Breaking The Tabo*, na kinakatawan ni Sapphire Sandalo bilang host dahil sa sangkap ng "katotohanan" at aliw na umani ng milyon-milyong views. Maraming Pilipino na nasa Estados Unidos man o nasa ibang panig ng mundo ang nakaugnay sa mga bidyo episodes na aniya, "because [they] are talking real sh*t" (One Down Media, 2020h).

Ang ODM ay isang independiyenteng pangmidyang kumpanya na nakabase sa Los Angeles, California, Estados Unidos, na gumagawa at nagpapalaganap ng mga serye, podcast, editoryal, at digital na nilalaman na nakasentro sa karanasan ng mga Pilipinong Amerikano. Itinatag noong 2018, ang ODM ay umusbong mula sa karanasan ng mga Pilipinong kabilang sa malikhaing propesyon na nahaharap limitadong oportunidad dahil sa sistemikong paghadlang sa kanilang paglago sa larangan ng Media at Entertainment—partikular ang kakulangan sa representasyon, akses sa network, at propesyonal na pag-unlad. Dahil sa karansasang ito itinatag ang ODM bilang isang alternatibong espasyo ng produksiyong pangkultura na nagbibigay-diin sa sariling tinig at perspektiba ng komunidad (One Down Media, 2018).

Ang pamunuan ng ODM ay pinangungunahan nina Leo Albea bilang Co-founder at Creative Director; Grazian Moreno bilang Direktor ng Marketing at Brand Partnerships; Sarah Albea bilang Creative Lead; Trace Gaynor bilang Producer sa Audio; Jason Arceo bilang Design Director; Tessa Albea bilang Producer sa Livestream; at Emil Velasco bilang Direktor ng Photography. Sama-samang bumubuo ang koponang ito ng isang dinamikong ekosistemang pangmidya na nakabatay sa kolaborasyon, malikhaing inobasyon, at panlipunang kamalayan (One Down Media, 2024).

Alinsunod sa *tagline* na "Redefining Filipino in Today's Modern World," isinusulong ng ODM ang isang progresibo at kontemporanyong pagpapakahulugan sa pagiging Filipino. Layunin nitong iangat ang

kulturang Pilipino sa mainstream sa pamamagitan ng makabuluhan at awtentikong naratibo na nag-uugnay sa kasaysayan, identidad, at pang-araw-araw na karanasan ng diaspora (One Down Media, 2018). Sa ganitong balangkas, itinuturing ang ODM hindi lamang bilang tagalikha ng nilalaman kundi bilang isang institusyong pangkultura na aktibong nakikialam sa dominanteng rehimen ng representasyon.

Sa mas espesipikong antas, nagsisilbi ang ODM bilang entablado ng kontra-diskurso—isang midyang nagbibigay-espasyo sa mga karanasan, boses, at isyung Pilipino-Amerikano na madalas na nananatiling tahimik, nakatago, o nabubura sa popular na midya. Sa pamamagitan ng mga serye tulad ng Breaking the Tabo, tinatangkang buwagin ng ODM ang mga kultural na katahimikan at itaguyod ang mas bukás, kritikal, at inklusibong pag-unawa sa kontemporanyong identidad ng Pilipino sa diaspora (One Down Media, 2020h).

Si Sapphire Sandalo ang tumatayong anchor sa mga bidyo. Isa siyang multifaceted na artista at akademiko na kilala bilang animator, manunulat, podcaster, at tagapagsalaysay. Nagtrabaho siya sa mga kilalang plataporma tulad ng Adult Swim, Comedy Central, at MTV bilang animator at character designer. Bukod dito, siya rin ay naging host at manunulat ng palabas na *Toon Buzz* at podcaster ng *Stories With Sapphire*, na tumatalakay sa mga paranormal na karanasan. Bilang propesor sa Loyola Marymount University, nagtuturo siya ng media at kulturang may malalim na kamalayan sa lipunan, na nagpapalawak sa kaniyang papel bilang tagapagdaloy ng *Breaking the Tabo*.

Noong Setyembre 2026, ang social media engagement ng ODM sa YouTube ay tinatayang may 76.4K subscriber (One Down Media, n.d.-c), samantalang ang Facebook page nito ay may 319K follower (One Down Media, n.d.-a), at ang Instagram account nito ay may 99,800 follower (One Down Media, n.d.-b). Batay sa mga datos na ito, mapagtatanto na may malaking bilang ng tagapagtangkilik ang ODM sa iba't ibang social media platform at nakabuo ito ng isang birtuwal na komunidad ng mga Pilipinong tagakonsumo ng digital na nilalaman.

Tinugunan ng papel na ito ang pangunahing suliranin na: Paano maaaring suriin ang mga episode ng Breaking the Tabo bilang mga kontra-mitolohikal na teksto na humahamon at bumubuwag sa mga dominanteng representasyon at diskurso ng diasporang Pilipino sa Hilagang Amerika? Samantala, ang mga tiyak na suliranin ay: 1) Ano-ano ang kontra-icon na nakapaloob sa mga episode?; 2) Ano-ano ang dominanteng representasyon at diskurong tinutugunan ng mga mga

kontra-icon na ito?; 3) Ano-ano ang kontra-mitong isinusulong ng mga kontra-icon na ito?; at 4) Ano-ano ang kontra-retorikal na estratehiya ang ginagamit ng mga kontra-mito na ito?

Mahalaga ang pag-aaral na ito sapagkat pinupunan nito ang kakulangan ng masusing pagsusuri sa mga kontemporanyong *digital* na teksto ng kulturang popular na nililikha ng diasporang Pilipino, partikular sa larangan ng online media. Sa pamamagitan ng kontra-Barthesianong semiolohiya, inilalantad ng pananaliksik kung paano gumagana ang *Breaking the Tabo* bilang isang anyo ng pakikibaka, isang diskursibong interbensiyon na humahamon sa mga dominanteng mito at representasyon ng Pilipino sa Kanluran. Sa ganitong paraan, nag-aambag ang pag-aaral sa pagpapalawak ng teoretikal na diskurso sa araling Pilipino, araling diaspora, at pag-aaral sa midya, lalo na sa usapin ng ugnayan ng popular na kultura, identidad, at kapangyarihan.

May praktikal ding kabuluhan ang pananaliksik para sa mga tagalikha ng nilalaman at institusyong pangmidya tulad ng ODM, sapagkat nagbibigay ito ng kritikal na balangkas upang suriin ang bisa at limitasyon ng mga kontra-retorikal na estratehiyang ginagamit sa representasyon ng diaspora. Higit sa lahat, mahalaga ang pag-aaral para sa mas malawak na komunidad ng Pilipino at Pilipino-Amerikano, dahil itinatampok nito ang mga kultural na icon bilang pook ng kolektibong pagkilala, negosasyon, at pagtutol sa historikal na invisibility. Sa huli, ipinakikita ng pag-aaral na ang *digital* na midya ay hindi lamang espasyo ng aliw kundi mahalagang larangan ng pakikibaka para sa makatarungan, kritikal, at inklusibong representasyon ng identidad ng Pilipino sa kontemporanyong mundo.

## Metodolohiya

Matatagpuan sa Talahanayan bilang 1 ang pitong bidyo production sa ilalim ng Unang Season ng *Breaking The Tabo* mula sa Facebook Reels, na inayos ayon sa petsa ng pag-upload.

Pinagtuunan ng pag-aaral ang pitong bidyo production, na may mga sumusunod na titulo: (1) *Filipinos in Entertainment*; (2) *Filipino vs Filipinx*; (3) *Can Filipinos Claim "Pacific Islander?"* (4) *Filipino American History;* (5) *Is Filipino Food Unhealthy?*; (6) *Body Shaming in Filipino Culture;* at (7) *Filipinos in Canada*.

**Talahanayan 1.**

*Detalye ng mga Episode sa Unang Season ng Breaking the Tabo ng One Down Media*

| Titulo | Petsa ng Pag-upload | Durasyon ng Bidyo | Kabuoang Bilang ng Views | Kabuoang Bilang ng mga Reaksyon | Kabuoang Bilang ng mga Komento |
|---|---|---|---|---|---|
| Filipinos in Entertainment (2020a) | 2-Okt-2020 | 6:27 | 10M | 358K | 6,800 |
| Filipino vs Filipinx (2020b) | 9-Okt-2020 | 6:05 | 370K | 7.9K | 895 |
| Can Filipinos Claim "Pacific Islander?" (2020c) | 16-Okt-2020 | 6:22 | 822K | 11K | 1,000 |
| Filipino American History (2020d) | 23-Okt-2020 | 8:37 | 703K | 8.5K | 448 |
| Is Filipino Food Unhealthy? (2020e) | 30-Okt-2020 | 7:12 | 2.1M | 392 | 994 |
| Body Shaming in Filipino Culture (2020f) | 6-Nob-2020 | 6:22 | 1.1M | 21K | 1,400 |
| Filipinos in Canada (2021) | 1-Hul-2021 | 4:52 | 279K | 8K | 227 |

***Filipinos in Entertainment* (One Down Media, 2020a)**: Ipinalabas ng ODM noong Oktubre 2, 2020 sa Facebook ang pinakaunang bidyo ng seryeng *Breaking The Tabo*. Ito ay may haba na 6.27 minuto at mayroong mahigit 10 milyon na views, mahigit 358 libong reaksiyon, at 6.8 libong mga komento. Sa bidyong ito ay ipinakita ang representasyong Pilipino sa industriya ng aliw, ang pagiging minorya ng Pilipinong diaspora, at iba pang mga kakulangan sa representasyong Pilipino-Amerikano sa Hollywood.

***Filipino vs Filipinx*** **(One Down Media, 2020b):** Ipinalabas ng ODM noong Oktubre 9, 2020 sa Facebook ang ikalawang bidyo ng serye. Ito ay may haba na 7.9 minuto at mayroong 370 libong views, mahigit 7.9 libong reaksiyon, at 895 na mga komento. Sa bidyo ay ipinakita ang iba't ibang paraan ng mga Pilipino na kilalanin ang kanilang mga sarili at pag-uugnay sa umusbong na konsepto ng "Filipinx" o walang pagtatangi sa kasarian (*gender-neutral*) at ang nabubuong hidwaan sa katawagan ng nasa loob at labas ng Pilipinas.

***Can Filipinos claim "Pacific Islander"?*** **(One Down Media, 2020c):** Ipinalabas ng ODM noong Oktubre 16, 2020 sa Facebook ang ikatlong bidyo ng serye na may habang 6.22 minuto at umani ng mahigit 822 libong views, 11 libong reaksiyon, at mahigit 1.3 libong mga komento. Ipinakita ang pagiging problematiko at iba pang implikasyon ng pagpapakilala bilang "Pacific Islander" kaysa "Asyano" ng diasporang Pilipino sa Amerika.

***Filipino American History*** **(One Down Media, 2020d):** Ipinalabas ng ODM noong Oktubre 23, 2020 sa Facebook ang ikaapat na bidyo ng serye na may 8.37 minutong haba, 597 libong views, mahigit 8.8 libong reaksiyon, at 469 na mga komento. Ipinakita sa bidyo ang ilang bahagi ng kasaysayan ng mga Amerikano kung saan naging instrumental ang pagsisikap ng mga diasporikong Pilipino ngunit hindi itinuturing na kabilang sa pangkalahatang kasaysayan ng Amerika.

***Is Filipino Food Unhealthy?*** **(One Down Media, 2020e):** Ipinalabas ng ODM noong Oktubre 30, 2020 sa Facebook ang ikalima bidyo ng serye na mayroong mahigit dalawang milyong views, mahigit 23 libong reaksiyon, at mahigit isang libong komento. Tinalakay rito ang pagiging masustansiya ng pagkaing Pilipino at kung paano ito naiuugnay sa ating emosyonal at kultural na pagkakakilanlan bilang mga Pilipino.

***Body Shaming in Filipino Culture*** **(One Down Media, 2020f):** Ipinalabas ng ODM noong Nobyembre 6, 2020 sa Facebook ang ikaanim na bidyo ng serye na tumagal ng 6.22 minuto, mayroong mahigit isang milyong views, mahigit 19 libong reaksiyon, at mahigit 1.3 libong mga komento. Ipinakita ang pagkakaroon ng hindi makatotohanang pamantayan ng kagandahan sa mga Pilipino at ang konsepto ng panghihiya sa hitsura ng katawan o *body shaming* na lumalason sa mental na kalusugan ng mga nakaranas nito.

***Filipinos in Canada*** **(One Down Media, 2021):** Ipinalabas ng ODM noong Hulyo 1, 2021 sa Facebook ang ikapito at panghuling bidyo ng unang season ng seryeng *Breaking The Tabo*, na may haba na 4.52

minuto. Nagtamo ito ng 254 libong views, mahigit 7.6 libong reaksiyon, at 230 na mga komento. Ikinuwento ang kahalagahan ng Pilipino-Canadian sa representasyong Pilipino: sa larangan ng midya, kalusugan, kalakalan, politika, at akademya ng Canada.

Ang *Breaking the Tabo* ay maaaring basahin hindi lamang bilang isang seryeng dokumentaryo o online na naratibo, kundi bilang isang larangan ng tunggalian ng mga kahulugan, ideolohiya, at kontra-diskurso. Upang maunawaan ang ganitong tunggalian, naaangkop ang pagsusuri sa pamamagitan ng semiolohiya ni Roland Barthes (1972), ngunit sa isang binaligtad o kontra-Barthesianong pamamaraan. Ang kontra-Barthesianong semiolohiya ay unang dinalumat ni Demeterio sa kaniyang pag-aaral sa mga larawan ni Rafael Lerma bilang kontra-diskurso tungkol sa Drug War sa panahon ng rehimeng Duterte, ay hindi lamang naglalayong ilantad ang mga dominanteng mito sa loob ng mga tekstong pangkultura, kundi suriin kung paano ang mga marhinalisadong sektor ay aktibong lumilikha ng mga kontra-mito upang hamunin ang umiiral na kaayusang ideolohikal (Demeterio, 2020).

Sa klasikong Barthesianong semiolohiya, ang mito ay isang ikalawang antas ng signipikasyon na nakapaloob sa isang icon. Ang isang umiiral na icon sa antas ng wika ay ginagawang signifier ng mas malalim na ideolohikal na kahulugan. Karaniwang ginagamit ang mito ng mga dominanteng uri upang gawing natural, normal, at hindi maiiwasan ang mga historikal at politikal na kondisyon (Barthes, 1972). Sa ganitong balangkas, ang mga imahen, teksto, at diskurso ng kulturang popular ay nagsisilbing sisidlan ng mga ideolohiyang pumapabor sa kapangyarihan. Gayunman, ipinapakita ng kontra-Barthesianong pagbasa na ang parehong mekanismo ng signipikasyon ay maaaring baligtarin at gamiting sandata ng mga nasa laylayan (Liwanag and Demeterio, 2016).

Ang kontra-Barthesianong semiolohiya ay nagsisimula sa parehong batayang estruktura ng tanda, signifier at signified, ngunit binabago ang direksiyon ng ideolohikal na operasyon. Sa halip na ituring ang mito bilang laging produkto ng naghaharing uri, kinikilala nito ang posibilidad ng kontra-mito: mga diskursong sinadyang likhain upang ilantad ang karahasan, kontradiksyon, at inhustisyang itinatago ng mga dominanteng mito (Liwanag and Demeterio, 2016). Sa ganitong diwa, ang mito ay hindi lamang mekanismo ng panlilinlang kundi maaari ring maging mekanismo ng pagbubunyag.

Mahalaga rito ang ideya ng inversion o pagbabaligtad ng mga retorikal na estratehiyang tinukoy ni Barthes. Kung ang tradisyunal na mito ay gumagamit ng pagbubura ng kasaysayan, ang kontra-mito ay nagsasagawa ng historisasyon at rekontekstuwalisasyon (Barthes, 1972). Sa halip na itanghal ang mga kontemporanyong penomena bilang likás, kusa, o hiwalay sa nakaraan binubuksan ng kontra-mito ang historikal na mga ugat ng mga karanasan ng mga marhinalisado, upang ipakitang ang kasalukuyang kondisyon ay produkto ng tiyak na mga ugnayang panlipunan at politikal (Demeterio, 2020). Kung ang mito ay umaasa sa *inoculation*, o ang pag-amin sa maliliit na kamalian upang mailihis ang pansin mula sa mas malalalim at sistemikong kasamaan, ang kontra-mito ay nagsasagawa ng kontra-inoculation. Sa kontra-inoculation, ang tinatawag na "maliit" na detalye ay hindi itinuturing na hiwa-hiwalay o indibidwal na pangyayari. Sa halip, ginagamit ang mga ito bilang pintuan patungo sa mas malawak na pag-unawa sa estruktural na karahasan.

Kung inilalarawan ng mito ang mga marhinalisadong grupo bilang kakaiba o mababa, nilalabanan ito ng kontra-mito sa pamamagitan ng pagkilala sa kanilang karanasan bilang lehitimong bahagi ng lipunan. Hindi nito tinatanggal ang pagkakaiba ng mga marhinalisado, ngunit tinatanggihan nitong gawing libangan o dekorasyon lamang ang kanilang karanasan. Sa halip, muling ikinakabit ang mga ito sa mas malawak na komunidad ng tao, kung saan ang karanasan ng mga marhinalisado ay itinuturing na lehitimong bahagi ng kontemporanyong kondisyon ng pagiging tao sa ilalim ng modernong lipunan (Demeterio, 2020). Kung ang mito ay umaasa sa *tautology*, o ang paikot na lohika na nagpapaliwanag sa isang bagay sa pamamagitan ng parehong bagay, ang kontra-mito ay nagsasagawa ng kontra-tautology. Binabasag nito ang mga pahayag na tila likás at hindi na kailangang ipaliwanag, sa pamamagitan ng paglalantad sa kanilang ideolohikal na nilalaman (Barthes, 1972; Demeterio, 2020).

Kung ang mito ay gumagamit ng *neither-norism*, o ang paglahad sa isang komplikadong sitwasyon sa dalawang hindi kanais-nais na opsyon, ang kontra-mito ay nagsasagawa ng kontra-neither-norism sa pamamagitan ng pagbubukas ng iba pang posibilidad. Kung ang mito ay nagsusukat ng kalidad o ginagawang sukatan ang halaga batay sa numero, estadistika, o popularidad, ang kontra-mito ay muling naggiit ng kahalagahan ng kalidad. Sa huli, kung ang mito ay gumagamit ng "statement of the fact," o mga pahayag na inihaharap bilang neutral at hindi mapasusubalian, ang kontra-mito ay nagsasagawa ng kontra-

statement of the fact. Hindi nito tinatanggihan ang mga katotohanan, ngunit inilalantad ang kontekstong ideolohikal na nagbibigay-kahulugan sa mga ito.

Mahalaga ring bigyang-diin na, tulad ng binanggit ni Demeterio (2013), ang kontra-mito ay hindi laging ganap na sinasadya ng mga tagalikha ng teksto. Ang kontra-mito ay maaaring umiral kahit lampas ito sa kamalayan ng mga prodyuser. Ang mahalaga ay ang epekto ng signipikasyon: ang kakayahan ng teksto na hamunin ang dominanteng diskurso at magbukas ng espasyo para sa alternatibong pagbasa. Sa ganitong diwa, ang *Breaking the Tabo* ay maaaring ituring na isang larangan ng pakikibaka kung saan ang mga tinig na dating marhinalisado ay nagiging sentral.

Para sa etikal na konsiderasyon, hindi nagsagawa ng pagkalap ng datos batay sa opinyon ng mga tao. Pangunahing sinuri sa pag-aaral ang mga ipinalabas na bidyo ng ODM. Ang paghango ng mga screenshot at paggawa ng mga transkripsiyon ay batay sa doktrina ng patas na paggamit. Ang mga aral at kaalaman na makukuha mula sa pananaliksik na ito ay makapagsisilbi hindi lamang para sa mabuting layunin ng kumpanya, datapwat maging sa kinakatawang lipunan ng mga Pilipino at Fil-Am sa buong mundo.

## Mga Resulta at Pagtatalakay

Gamit ang kontra-Barthesianong semiolohiya, natukoy ng papel na ito ang mga nananaig na kontra-icon mula sa pitong bidyo production ng unang season ng seryeng *Breaking The Tabo*: (a) representasyon ng mga Pilipino sa Hollywood; (b) ang gender-neutral na Filipinx; (c) diasporikong pagkalito sa identidad; (d) ang katayuan ng mga diasporikong Pilipino sa kasaysayang Amerikano; (e) ang mga diasporikong Pilipino sa Canada; (f) ang pagkaing Pilipino; at (g) ang ugaling body shaming.

### Representasyon ng mga Pilipino sa Hollywood

**Ang Kontra-Icon at Tinutugunang Dominanteng Diskurso:** Ang kontra-icon na inilalatag ng *Breaking the Tabo* hinggil sa representasyon ng mga Pilipino sa Hollywood ay hindi nakatuon sa rangya ng industriyang Kanluranin, kundi sa pagbubunyag ng mga puwang at kontradiksiyon sa loob nito. Sa halip na ipagdiwang lamang ang presensiya ng mga Pilipino sa Hollywood bilang tanda ng tagumpay, inililihis ng serye ang atensiyon sa kung *paano* at *sa anong kondisyon* sila naroroon. Ang kontra-icon ay nabubuo sa pamamagitan ng paglahad sa mga karanasang hindi nakikita: ang miscasting, ang pagkawala ng

identidad, at ang sistematikong pagtanggi sa pagiging Pilipino bilang lehitimong kategorya ng representasyon (One Down Media, 2020a). Sa ganitong paraan, ang Hollywood ay hindi na simbolo ng rurok ng tagumpay kundi isang problematikong espasyo ng negosasyon at marhinalisasyon (One Down Media, 2020a).

Ang namamayaning diskurso na pinuna ng kontra-mitong nakapaloob sa kontra-icon na ito ay ang paniniwala na ang paglahok ng mga Pilipino sa Hollywood, sa anumang anyo nito, ay awtomatikong katumbas ng inklusibidad, pagkilala, at tagumpay (One Down Media, 2020a). Pinananatili ng kamalayang ito ang ideya na sapat na ang mataas na badyet, global na distribusyon, at bisibilidad upang maituring na progresibo ang representasyon. Kalakip nito ang paniniwalang "color-blind" ang Hollywood, kung saan ang lahing hindi tiyak (racially ambiguous) ay itinuturing na neutral at kanais-nais (One Down Media, 2020a). Sa ganitong lohika, nabubura ang espesipikong kasaysayan at identidad ng Pilipino, at napapalitan ng mas maluwag ngunit politikal na ligtas na mga kategorya.

**Ang Kontra-Mito at Kontra-Retorika:** Sa lente ng kontra-Barthesianong semiolohiya, ang Hollywood ay tumatayo bilang isang makapangyarihang institusyon na nagpapanggap bilang bukas-loob, multikultural, at meritokratiko (One Down Media, 2020a). Ang presensiya ng mga Pilipinong aktor, manunulat, at alagad ng sining ay ginagamit bilang patunay sa ganitong pagpapanggap. Gayunpaman, binabasag ng kontra-mito ang naturalisasyong ito sa pamamagitan ng paglalantad sa mga mekanismo ng misrepresentasyon at miscasting na patuloy na nararanasan ng mga Pilipino sa industriya (One Down Media, 2020a).

Ipinakikita ng serye na ang pagiging "naroroon" sa Hollywood ay hindi nangangahulugang kinikilala ang pagiging Pilipino. Sa mga halimbawa nina Vanessa Hudgens (tingnan ang Pigura 1) at iba pang aktor na may lahing Pilipino ngunit ginamit upang gumanap bilang Latina, ang lahing hindi tiyak, o hindi tiyak ang etnisidad, naihahayag ng kontra-mito na ang Hollywood ay hindi espasyo ng pagkilala kundi ng pag-angkop. Ang Pilipino ay nagiging hilaw na materyal na hinuhubog ayon sa pangangailangan ng dominanteng imahinasyon, hindi ayon sa sariling identidad.

**Pigura 1.**

*Si Vanessa Hudgens bilang Latinang si Gabriella Montez sa High School Musical*




*Note*. Screenshot mula sa “Filipinos in Entertainment,” Episode 1 ng Breaking the Tabo (One Down Media, 2020a).

Ang mito ng pagpili ng mga aktor na hindi tiyak ang pagkakakilanlang panlahi (racially ambiguous casting) ay partikular na tinututulan dito. Bagamat ipinapakita ng Hollywood ang ganitong estratehiya bilang inklusibo, ipinupunto ng kontra-mito na ito ay isang anyo ng pagbubura (One Down Media, 2020a). Ang hindi pagtukoy sa lahi ng isang karakter ay hindi neutral; ito ay estratehikong pagtanggi sa mga etnikong identidad na maaaring magdulot ng politikal na tensiyon o komersiyal na panganib (One Down Media, 2020a). Sa kaso ng mga Pilipino, nagreresulta ito sa pagiging laging “puwedeng ipagpalit,” laging “puwedeng magpanggap,” ngunit bihirang kilalanin bilang Pilipino mismo.

Binubuo rin ng serye ang kontra-mito sa pamamagitan ng paglalantad sa estruktural na kakulangan ng oportunidad. Ang mga pahayag ng mga aktor hinggil sa sapilitang pag-audition para sa mga papel na hindi tumutugma sa kanilang identidad ay nagpapakita na ang indibidwal na tagumpay ay nakapaloob sa sistemikong limitasyon. Ang mito ng meritokrasya ay napapalitan ng naratibo ng kompromiso at pananahimik.

Gayunman, hindi lamang demistipikasyon ang tunguhin ng kontra-mito. Sa pagtatampok kina Josh Dela Cruz at Dante Basco bilang mga Pilipinong gumanap sa Pilipinong karakter, inihahain ang posibilidad

ng alternatibong mito, isang mito ng representasyong may pagkilala, konteksto, at historisidad (tingnan ang Pigura 2).

**Pigura 2.**

*Ilang Palabas na Tampok sina Josh Dela Cruz at Dante Basco*




*Note*. Screenshot mula sa "Filipinos in Entertainment," Episode 1 ng *Breaking the Tabo* (One Down Media, 2020a).

Hindi ito inilalarawan bilang ganap na tagumpay, kundi bilang mga bitak sa hegemonikong estruktura. Sa gayon, ang kontra-mito ay hindi simpleng pagtanggi sa Hollywood, kundi panawagan para sa mas makatarungan at makabuluhang representasyon.

Ang kontra-retorikal na estratehiya ng kontra-mitong ito ay rekontekstuwalisasyon (One Down Media, 2020a). Sa halip na

tanggapin ang mito ng inklusibidad ng Hollywood, inilalantad ng serye ang mga hangganan nito sa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga karanasan ng Pilipino sa mas malawak na estrukturang panlipunan at industriyal (One Down Media, 2020a). Sa ganitong pagbasa, nababasag ang ilusyon ng neutralidad ng pagpili ng mga aktor na hindi tiyak ang pagkakakilanlang panlahi at naibabalik ang representasyon sa usapin ng kapangyarihan at pagkilala.

## Ang Gender-neutral na Terminong *Filipinx*

**Ang Kontra-Icon at Tinutugunang Dominanteng Diskurso:** Ang kontra-icon na Filipinx ay isa umanong gender-neutral na terminong hahalili sa tradisyunal na binaryong Filipino at Filipina. Ito umanoy kumikiling sa mas mas inklusibong pagkakakilanlan, lalo na para sa mga miyembro ng LGBTQIA+ sa diasporang Pilipinon (One Down Media, 2020b). Habang isinusulong ito ng ibang diasporikong Pilipino, may mga panig namang sumsalungat nito (One Down Media, 2020b).

Ang hegemonikong diskurso na tinatangkang labanan ng kontra-icon na ito ay ang mga debate mismo ng mga Pilipino sa Pilipinas at diaspora tungkol sa parehong kontra-icon, sa usaping dapat bang yakapin o hindi ang terminong ito. Matatandaan ang terminong Pinoy ay gawa din ng mga Pilipinong nasa diaspora ngunit kalaunan ay niyakap ng nakararaming Pilipinong nasa Pilipinas o diaspora (One Down Media, 2020b).

**Ang Kontra-Mito at Kontra-Retorika:** Dahil isang debate ang tinutugunan ng kontra-icon ng Filipinx, may dalawang kontra-mitong sangkot dito. Para sa mga diasporikong Pilipinong pabor sa paglaganap ng terminong Filipinx at kanilang kontra-mitong isinusulong ay batay sa halaga nito bilang isang inklusibo at mapagpalayang anyo ng pagkakakilanlan (One Down Media, 2020b). Para sa kanila, ang Filipinx ay nagbibigay-daan upang kilalanin ang mga Pilipinong hindi komportable o hindi kinakatawan ng mga katawagang Filipino at Filipina, partikular ang mga bakla, lesbian, transgender, at non-binary. Sa kontekstong diasporiko, lalo na sa Estados Unidos, ang "o" at "a" sa dulo ng mga salita ay karaniwang iniuugnay sa kasariang panlalaki at pambabae, kaya ang Filipinx ay nagiging mahalagang alternatibo upang iwasan ang gendered na pagbasa sa isang etnikong identidad (One Down Media, 2020b).

Para sa mga Pilipinog, nasa bansa man o nasa diaspora, na nanindigan laban sa paglaganap ng terminong ito, ang kanilang kontra-mitong isinusuong ay ang paniniwalang ang salitang Filipino ay hindi

naman likas na may kasarian sa kontekstong Pilipino (Benitez, 2022). Hindi tulad ng Espanyol o Ingles, ang Filipino ay ginagamit bilang kolektibong identidad at hindi eksklusibong panlalaki, kaya't itinuturing na hindi kinakailangan ang isang gender-neutral na alternatibo (One Down Media, 2020c). Dagdag pa rito, itinuturing ang Filipinx bilang produkto ng Kanluraning diskurso, partikular na hinango mula sa terminong Latinx. Ang paggamit nito ay nakikita bilang isang dayuhang imposisyon at hindi organikong umusbong mula sa sariling wika at kultura (One Down Media, 2020c). Sa halip na dekolonisasyon, sinasabing pinapalalim nito ang patuloy na impluwensiya ng Kanluran sa paghubog ng identidad ng Pilipino (One Down Media, 2020c). Ipinupunto rin na ang paggamit ng terminong Filipinx ay sumasalamin lamang sa karanasan ng mga Pilipinong Amerikano at ng diaspora, at hindi sa kabuuang sosyopolitikal na realidad ng Pilipinas (One Down Media, 2020c). Sa ganitong diwa, ang termino ay nagiging eksklusibo at nagkukuwento lamang ng piling karanasan. Sa halip na magbuklod, ang Filipinx ay nagiging simbolo ng tensiyon at pagkakahati sa usapin ng kung sino at paano tinutukoy ang pagiging Pilipino.

Sa huli, isang inklusibong mensahe ang isinusulong ng *Breaking the Tabo*, hindi dapat maging mitsa ang debate tungkol sa Filipinx para sa pagkakaisa ng mga Pilipino, lalo na iyong nasa diaspora, ang mahalaga ay malinaw sa atin ang historikal na konteksto, at kaugnay na debate sa kaninomang pagyakap o pagtutol sa terminong Filipinx.

Ang kontra-retorikal na estratehiya ng kontra-mitong ito ay nakaugat sa historisasyon at rekontekstuwalisasyon. Sa halip na hayaang maging mitsa ng pagkakahati ang terminong Filipinx, inilalatag ng *Breaking the Tabo* ang mga historikal at kontekstuwal na batayan ng parehong panig sa debate. Hindi nito itinatanghal ang Filipinx bilang awtomatikong solusyon o ganap na suliranin, kundi bilang produktong diskursibong umusbong sa tiyak na kontekstong diasporiko, at gumagamit ng *counter-neither-norism* upang magbukas ng mas kritikal na pag-unawa sa usapin ng inklusibidad at wika.

## Diasporikong Pagkalito sa Identidad

**Ang Kontra-Icon at Tinutugunang Dominanteng Diskurso:** Ang kontra-icon na pagkakalito sa identidad ay tumutukoy sa masalimuot at paulit-ulit na karanasan ng mga diasporikong Pilipino tuwing sila ay tinatanong kung sila ba ay Asyano, "Pacific Islander," o Amerikano (One Down Media, 2020c). Ang ganitong kalituhan ay hindi lamang personal na pagdududa, kundi produkto ng mga umiiral na diskurso

na nagtatakda ng mahigpit na hangganan sa pagitan ng mga etnikong kategorya. Nagaganap ito sa kontekstong ang kategoryang Asyano ay matagal nang iniangkla sa mga mamamayang mula sa East Asia, tulad ng mga Tsino at Hapones; ang Pacific Islander naman ay iniuugnay sa mga taga ng Polynesia, Micronesia, at Melanesia; habang ang Amerikano ay kadalasang iniaangkop sa imahen ng mga dominanteng puti ng Estados Unidos (tingnan ang Pigura 3) (One Down Media, 2020c). Sa ganitong sitwasyon, ang Pilipino ay nagiging isang "hindi-akma" o "nasa pagitan" na identidad.

**Pigura 3.**

*Katanungan sa Pagkakakilanlang Pilipino*




*Note.* Mga screenshot mula sa "Filipino vs Filipinx," Episode 2, at "Can Filipinos Claim 'Pacific Islander?'," Episode 3 ng Breaking the Tabo (One Down Media, 2020b, 2020c).

Ang dominanteng diskursong tinutugunan ng kontra-icon na ito ay ang paniniwalang ang identidad ay isang likas, malinaw, at matatag na mga katangian na awtomatikong nakakabit sa mga pang-etnikong kategorya tulad ng pagiging Asyano, Pacific Islander, o Amerikano (One Down Media, 2020c). Ipinapalagay ng diskursong ito na ang mga kategoryang ito ay hindi problematiko at hindi nangangailangan ng patuloy na negosasyon. Tinutuligsa rin ng kontra-icon ang tendensiyang pagpalit-palit ng identidad ng ilang diasporikong Pilipino batay sa konteksto, institusyon, o inaakalang pinakapaborableng sagot sa isang partikular na sitwasyon.

**Ang Kontra-Mito at Kontra-Retorika:** Ang kontra-mito na dala ng kontra-icon na ito ay ang hayagang pagyakap sa katotohanang ang pang-etnikong identidad ay hindi likás, awtomatiko, o nakapirmi, kundi isang diskursong kailangang patuloy na buuin, ipaliwanag, at isulong (One Down Media, 2020c). Lalong nagiging makabuluhan ang ganitong pagbasa sa konteksto ng mga diasporikong Pilipino, na matagal nang nakapuwesto sa pagitan ng iba't ibang kategoryang pang-etniko. Sa halip na ipagpalagay na may iisang tamang identidad na maaari nilang angkinin, itinatampok ng kontra-mito ang ideya na ang pagkakakilanlan ay bunga ng historikal na kalagayan, ugnayang panlipunan, at estrukturang politikal na kanilang ginagalawan.

Noong panahong maliit pa lamang ang populasyon ng mga Pilipino sa diaspora, naging estratehiko ang kanilang pansamantalang pagsanib sa mas malaking kategorya ng mga Asyano (One Down Media, 2020c). Ang ganitong hakbang ay nagsilbing paraan upang magkaroon ng representasyon, proteksiyon, at akses sa mga institusyon sa loob ng lipunang Amerikano. Gayunpaman, ang pagsasanib na ito ay hindi nangangahulugang ganap na pagkakatugma ng karanasan. Ang kasaysayan ng kolonyalismo, paggawa, at migrasyon ng mga Pilipino ay naiiba sa mga karanasan ng maraming East Asian na kadalasang sentral sa diskursong Asyano sa Estados Unidos (One Down Media, 2020c).

Maaaring isaalang-alang ng mga diasporikong Pilipino ang pagsanib sa kategoryang Pacific Islander, lalo na kung pagbabatayan ang heograpiya ng Pilipinas. Subalit nananatiling malaki ang agwat sa kasaysayan, pulitikal na katayuan, at kontemporaryong karanasan ng mga Pilipino at ng mga mamamayang mula sa Polynesia, Micronesia, at Melanesia. Ang simpleng pag-angkin sa kategoryang ito ay may panganib na burahin ang natatanging karanasan ng mga diasporikong Pilipino.

Samantala, ang lubusang pagpapanggap ng mga diasporikong Pilipino bilang Amerikano ay nagreresulta sa tahasang pagsasantabi ng kanilang mga karanasan bilang isang pangkat minorya na hinubog ng rasismo, migrasyon, at kolonyal na kasaysayan (One Down Media, 2020c). Sa ganitong konteksto, nagiging napapanahon na alternatibo ang panawagang igiit ang pagiging Pilipino, hindi bilang pagbabalik sa esensiyalismo, kundi bilang isang politikal at kultural na hakbang upang ipaglaban ang presensiya, kasaysayan, at karapatan sa loob ng dominanteng lipunan. Ang kontra-mito, samakatuwid, ay nagmumungkahi na ang pagiging Pilipino sa diaspora ay dapat kilalanin

at ipahayag bilang isang natatanging identidad na hindi maaaring basta na lamang takpan ng anumang mas malalaking kategoryang pang-etniko.

Ang kontra-retorikal na estratehiya ng kontra-mitong ito ay nakaugat sa historisasyon, rekontekstuwalisasyon, at counter–statement of fact. Sa halip na tanggapin ang malalaking etnikong kategorya bilang likás at di-mapagtatalunan, ibinabalik ng serye ang identidad ng mga diasporikong Pilipino sa mga kasaysayan ng kolonyalismo, migrasyon, at rasiyalisasyon na humubog sa kanilang karanasan. Sa pamamagitan ng paglalahad ng mga konkretong sitwasyon at paulit-ulit na tanong na kinakaharap nila, binabasag ang esensiyalistang lohika ng pagiging "Asyano," "Pacific Islander," o "Amerikano." Sa ganitong pagbasa, ang identidad ay hindi pre-determinadong kategorya kundi binubuo at ipinaglalaban sa tiyak na kontekstong panlipunan at politikal.

## Ang Katayuan ng mga Diasporikong Pilipino sa Kasaysayang Amerikano

**Ang Kontra-Icon at Tinutugunang Dominanteng Diskurso:** Ang kontra-icon na katayuan ng mga diasporikong Pilipino sa kasaysayang Amerikano ay tumutukoy sa sistematikong trivialisasyon at pagbubura sa ng kanilang presensya, karanasan, at kontribusyon sa pambansang kamalayan ng Amerika (One Down Media, 2020d). Sa halip na kilalanin bilang mahalagang bahagi ng lipunan, madalas na ginagawang espektakulo lamang ang ilang aspekto ng kulturang Pilipino, tulad ng mga tradisyon, pagkain, o mga sikat na personalidad (One Down Media, 2020d). Naglilimita ito sa pag-unawa ng mga Amerikano sa tunay na lalim at lawak ng mga karanasan ng mga diasporikong Pilipino sa Amerika. Sa ganitong paraan, ang representasyon ng mga Pilipino-Amerikano ay nananatiling mababaw at pinaliliit, na para bang hindi sila aktibong kalahok sa paghubog ng kasaysayan at kultura ng Amerika.

Ang dominanteng diskurso na tinutugunan ng kontra-icon na ito ay ang mapanlinlang na pananaw na tila walang ibang naiambag ang mga diasporikong Pilipino maliban sa mga nabanggit na espektakular na representasyon (One Down Media, 2020d). Ang ideyang ito ay naglalagay sa kanila sa laylayan ng lipunan at kasaysayan, na parang mga tagamasid lamang sa mga pangyayaring nagaganap sa paligid nila, sa halip na mga aktibong tagapag-ambag sa pagpapaunlad at pagbabago ng lipunang Amerikano.

**Ang Kontra-Mito at Kontra-Retorika:** Sa kontekstong ito, ang kontra-mito na ipinapahayag ng kontra-icon ay nagsisilbing hamon sa

mga dominanteng diskurso na patuloy na nagpapaliit at nagbubura sa aktibong agency ng mga diasporikong Pilipino. Ipinapakita ng *Breaking the Tabo* ang masalimuot at makasaysayang kwento ng pakikibaka, kontribusyon, at mga karanasan ng mga diasporikong Pilipino sa Amerika. Inilalahad nito ang kanilang maagang pagdating bilang mga migranteng manggagawa, pagdami sa kabila ng mahigpit na restriksiyon sa Asyanong imigrasyon, at aktibong pakikisangkot sa lipunan sa kabila ng sistematikong diskriminasyon at karahasan na kanilang dinanas (tingnan ang Pigura 4).

**Pigura 4.**

*Mga Sinaunang Migranteng Pilipinong Amerikano*





*Note.* Screenshot mula sa "Filipino American History," Episode 4 ng Breaking the Tabo (One Down Media, 2020d).

Bukod dito, inilalahad ng kontra-mito ang mga realidad ng pang-aapi, tulad ng pagsunog sa kanilang mga tirahan, pagbabanta sa buhay, at marahas na pag-atake sa mga Pilipinong magsasaka na lumalaban para sa kanilang mga Karapatan (tingnan ang Pigura 5).

**Pigura 5.**

*Ilang Pagbabanta sa mga Pilipino*




Note. Screenshot mula sa "Filipino American History," Episode 4 ng Breaking the Tabo (One Down Media, 2020d).

**Pigura 6**

*Pag-aaklas ng mga Magsasakang Pilipino-Amerikano*




*Note.* Screenshot mula sa "Filipino American History," Episode 4 ng Breaking the Tabo (One Down Media, 2020d).

Naglalarawan ang mga ito sa kanilang matatag na paninindigang tutulan ang mapaniil na sistema. Sa ganitong paraan, tinutuligsa ng kontra-mito ang dominanteng diskursong nagpapababa sa halaga ng mga Pilipino sa kasaysayan ng Amerika, at inilalantad ang kanilang makabuluhang papel bilang mga manggagawa, aktibista, at tagapaglaban ng karapatang pantao (tingnan ang Pigura 6).

Higit pa rito, ipinapakita rin ng kontra-mito ang pagkakaisa at kolektibong pagkilos ng mga Pilipino para sa katarungan, tulad ng

pag-aaklas ng mga Pilipinong magsasaka sa California kung saan lumitaw bilang mga lider sina Larry Itliong at Philip Vera Cruz. Ang mga nakamtan ng aktibismong ito ay patuloy na tinatamasa ng mga kasalukuyang manggagawang Amerikano (tingnan ang Pigura 7).

**Pigura 7.**

*Larry Itliong at Philip Vera Cruz*



*Note*. Screenshot mula sa "Filipino American History," Episode 4 ng Breaking the Tabo (One Down Media, 2020d).

Binigyang-diin ng kontra-mitong ito ang kahalagahan ng patuloy at masusing pagsasaliksik sa kasaysayan ng mga diasporikong Pilipino sa Amerika, gayundin ang mas malawak at sistematikong pagpapalaganap ng kanilang mga karanasan at ambag, lalo na sa hanay ng mga

nakababatang Pilipino-Amerikano. Sa ganitong paraan, ang kontra-mito ay hindi lamang nagsisilbing pagtutol at pagbasag sa umiiral na dominanteng diskurso na nagpapaliit at nagbubura sa agency ng mga diasporikong Pilipino sa kasaysayan ng Amerika, kundi nagiging isang produktibong daluyan din ng kaalaman. Higit pa rito, nagbibigay ito ng mas malinaw na pagpapakahulugan sa identidad ng kabataang Pilipino-Amerikano at mas mabisang empowerment upang lalo pang isulong ang kontra-mitong tunay na bahagi ang mga diasporikong Pilipino sa kasaysyang Amerikano.

Ang kontra-retorikal na estratehiya ng kontra-mitong ito ay nakaugat sa historisasyon at rekontekstuwalisasyon. Sa halip na tanggapin ang mitong walang mahalagang nagawa at naimbag ang mga diasporikong Pilipino sa lipunang Amerikano, ipinakita ng *Breaking the Tabo* na kahit sistematikong inapi ang mga ito may naiialay pa rin sila sa bansang kumupkup sa kanila.


### Ang mga Diasporikong Pilipino sa Canada

**Ang Kontra-Icon at Tinutugunang Dominanteng Diskurso:** Ang kontra-icon ng mga diasporikong Pilipino sa Canada na sa unang pagtingin ay tila mga modelong immigrante sa isang lipunang multikultural at sumasalig sa multikulturalismo. Magkakaiba ang multikultural at multikulturalismo. Ang multikultural ay isang kondisyon kung saan matatagpuan ang maraming lahi at pangkat etniko sa iisang lipunan (One Down Media, 2020e). Ang multikulturalismo ay isang paniniwala na ang isang lipunang bukas loob sa multikultural nitong mamamayan makakahugot ng karagdagang lakas mula sa diversidad na ito (One Down Media, 2020e). Hindi lamang multikultural ang bansang Canada, niyayakap at isinusulong din nito ang multikulturalismo, mula pa noong una nilang pinagnilayan ang pundamental na ugnayan sa pagitan ng mga Ingles, Pranses, at katutubong Kanadyano.

Ang dominanteng diskursong tinutugunan ng kontra-icon na ito ay ang simplistikong paniniwala na labis-labis na nakaangat ang mga diasporikong Pilipinong nasa Canada kaysa mga naroon sa Estados Unidos. Dahil mas banayad ang karanasan ng mga diasporikong Pilipino-Canadian kaysa mga Pilipino-Amerikano, na sa Canada ay wala nang nang estruktural na problema sa usapin ng rasismo, representasyon, at distribusyon ng kapangyarihan. Sa ganitong lohika, ang matingkad na presensiya ng mga Pilipino sa Canadian workforce, lalo na sa sektor ng kalusugan, ay itinuturing ng marami bilang tanda ng ganap na integrasyon, kahit pa man hindi ito sinasabayan ng politikal na representasyon at institusyonal na impluwensiya (tingnan ang Pigura 8).

**Pigura 8.**

*Mga Negosyong Pilipinong Kanadyano*




*Note*. Screenshot mula sa "Filipinos in Canada" ng Breaking the Tabo (One Down Media, 2021).

**Ang Kontra-Mito at Kontra-Retorika:** Ang kontra-mitong dala ng kontra-icon na ito ay ang paggiit sa kamalayang hindi sapat ang Canadian na multikulturalismo, at lalong hindi sapat ang mas banayad na karanasan ng mga Pilipino-Kanadyano kumpara sa mga Pilipino-Amerikano. Bagamat malaki ang ambag ng mga Pilipino sa ekonomiya ng Canada, partikular sa sektor ng pangangalagang pangkalusugan, nananatili silang nakapuwesto sa mga larangang mabigat sa paggawa ngunit mahina sa kapangyarihan (One Down Media, 2020e). Binabasag ng kontra-mito patuloy na pag-iral sa ideya ng modelong kalagayan ng mga Pilipino-Canadian sa pamamagitan ng pag-ugat ng kanilang karanasan sa kongkretong historikal at panlipunang kondisyon ng migrasyon. Ipinapakita ng *Breaking the Tabo* na ang kalayagan ng mga Pilipino-Canadian ay hindi awtomatikong nagbubunga ng pantay na representasyon.

Itinatampok ng serye ang mga Pilipinong nars bilang simbolo ng parehong oportunidad at limitasyon ng migrasyon. Habang kinikilala ang kanilang mahalagang papel sa pagpapatakbo ng sistemang pangkalusugan ng Canada, inilalantad din ang pagkakulong ng maraming Pilipino sa mga propesyong inaasahang kanilang pasukan. Sa ganitong paraan, ang mito ng pantay na oportunidad ay napapalitan ng naratibo ng functional inclusion, o ang pagtanggap nga bilang manggagawa, ngunit walang kasunod na pagkikilala bilang mga lider o tagapagpasya.

Hindi puro batikos ang dala ng kontra-mitong ito. Ikinuwento rin ng kontra-mito na may ilang Pilipino-Canadian na naging aktibo bilang tagapabuo ng komunidad. Ang pag-usbong ng mga negosyong Pilipino (tingnan ang Pigura 8) ay hindi lamang tanda ng entrepreneurship kundi tugon sa kakulangan ng serbisyong sensitibo sa kultura. Ang mga negosyong ito ay nagiging espasyo ng ugnayan, identidad, at kolektibong pag-angkin ng lugar sa loob ng lipunang Canadian.

Higit pang pinatitibay ng kontra-mito ang imahen ng Pilipino-Canadian bilang lumalaban at may ipinaglalaban. Ang pakikiisa sa mga kilusang #BlackLivesMatter at #StopAsianHate ay nagpapakita na ang kanilang pakikibaka ay hindi hiwalay kundi nakapaloob sa mas malawak na laban kontra rasismo (tingnan ang Pigura 9). Gayundin, ang pagbuo ng mga samahang pang-estudyante tulad ng Filipino Canadian Student Association (FILCASA) ay nagsisilbing malinaw na halimbawa ng organisadong pagtutulak tungo sa bisibilidad at politikal na partisipasyon. Sa pamamagitan ng networking, mentorship,

**Pigura 9.**

*Mga Nag-aaklas na Pilipinong Kanadyano*




*Note*. Screenshot mula sa "Filipinos in Canada" ng Breaking the Tabo (One Down Media, 2021).

at edukasyon, hinahamon ng kabataang Pilipinong-Canadian ang tahimik na anyo ng multikulturalismo at itinutulak ito tungo sa mas makabuluhang representasyon.

Ang kontra-retorikal na estratehiya ng kontra-mitong ito ay nakaugat sa historisasyon at rekontekstuwalisasyon. Sa halip na ilarawan ang kasalukuyang kalagayan ng mga Pilipinong Canadian bilang hiwalay at kusang bunga ng multikulturalismo, iniuugnay ito ng *Breaking the Tabo* sa kasaysayan ng migrasyon, paggawa, at kolektibong pagkilos.

**Pigura 10 .**

*Mga Pagkaing Pilipino mula sa Kolonyalismong Amerikano*




*Note.* Screenshot mula sa "Is Filipino Food Unhealthy?," Episode 5 ng Breaking the Tabo (One Down Media, 2020e).

## Ang Pagkaing Pilipino

**Ang Kontra-Icon at Tinutugunang Dominanteng Diskurso:** Ang mga pagkaing Pilipino ay nagsisilbing kontra-icon na kumakatawan hindi lamang sa mga lutuing nakikita sa hapag-kainan kundi sa masalimuot na kasaysayan, alaala, at identidad ng sambayanang Pilipino. Bilang biswal at kultural na tanda, ang pagkaing Pilipino ay karaniwang iniuugnay sa mga putahe tulad ng adobo, lechon, sinigang, pansit, at lumpia, mga imaheng paulit-ulit na nire-representa sa midya. Sa mga diasporikong Pilipinong komunidad, ang mga pagkaing Pilipino ay isa sa mga pangunahing tagapagpanatili at tagapagpatibay ng Pilipinong

identidad, lalo na tuwing may okasyon at nagsama-sama ang mga Pilipinong ito (One Down Media, 2020e).

May dalawang dominanteng diskurso ang tinutugunan ng kontra-icon na ito. Ang una ay ang esensiyalistang paniniwalang ang mga pagkaing Pilipino ay ganap na at hindi na maaaring baguhin pa. Ang sinumang Pilipino, nasa bansa man o nasa diaspora, na magtatangkang gumawa ng pag-aangkop o modipikasyon sa mga ito ay agarang ituturing na taksil sa orihinal na kulturang Pilipino (tingnan ang Pigura 10).

Ang pangalawa ay ang Manila-sentrismo ng mga pagkaing Pilipinong umiiral sa diaspora. Ito ay nagreresulta hindi lamang sa makitid na

**Pigura 11**

*Mga Pagkaing Pilipinong Gawa sa Karne*




*Note.* Screenshot mula sa "Is Filipino Food Unhealthy?," Episode 5 ng Breaking the Tabo (One Down Media, 2020e).

representasyon ng pagkaing Pilipino, kundi lalo na sa marhinalisasyon ng mayaman sana at puno ng dibersidad na mga pagkaing rehiyonal. Ang dalawang dominanteng diskurso na ito ay umiiral sa konteksto ng mundo at panahon kung saan at kailan binabatikos ang pagkaing Pilipino bilang sagana sa taba, kolesterol, at asukal, at mapanganib sa kalusugan (tingnan ang Pigura 11). Ang mga nakababatang diasporikong Pilipino ay madalas batid ang mga usapin tungkol sa nutrisyon, pagkain ng gulay, at pagdidiyeta.

**Ang Kontra-Mito at Kontra-Retorika:** Para sa unang dominanteng diskurso, na hindi dapat baguhin ang mga pagkaing Pilipino, inilatag ang kontra-mito na mga pagkaing Pilipino ay produkto ng pag-inog ng kasaysayang Pilipino, kung saan niyakap at binago ng mga Pilipino ang mga pagkaing ipinakilala sa kanila ng mga misyonerong Muslim, negosyanteng Tsino, at mga mananakop na Espanyol, Hapones, at Amerikano. Inayon ng mga Pilipino ang mga banyagang pagkain at paraan ng pagluluto sa Pilipinong panlasa at sa mga sangkap na meron sa Pilipinas. Kung gayon, hindi dapat ituturing na pagtataksil kung yakapin din at baguhin ng mga diasporikong Pilipino ang mga pagkaing Pilipino ayon sa kanilang panlasa, sensibilidad, at mga sangkap na mayroon sila (One Down Media, 2020f).

Para sa pangalawang dominanteng diskurso, ang Manila-sentrismo ng mga pagkaing Pilipino, inilatag ng kontra-mito na kapag nilawakan ang representasyon ng pagkaing Pilipino sa pamamagitan ng pagsaklaw sa iba't ibang rehiyonal na pagkain, magkakaroon ng espasyo ang mga hindi matataba, hindi makolesterol, at hindi maasukal na alternatibo. Ang mga pagkaing Tausug, Ilokano, Kapampangan, Bikolano ay mga sentral na bahagi din ng kabuuang diskurso ng pagkaing Pilipino.

Ang kabuuang kontra-mito ng kontra-icon ng mga pagkaing Pilipino ay ang pagsulong sa ideye ang ang pagkaing Pilipino ay dapat ituring na isang kultural na gawaing dinamiko at inklusibo. Maaari itong lubusang yakapin at baguhin ng mga diasporikong Pilipino para patuloy itong magpapaalala at huhubog sa kanilang Pilipinong ugat at identidad.

Bilang kontra-retorikal na estratehiya, ginagamit ng kontra-mito ang historisasyon upang ipakita ang pagkaing Pilipino bilang produkto ng mga tiyak na kasaysayan at hindi isang likas o bagay na walang pinagmulan. Kasama rito ang pag-unawa sa kolonisasyon, migrasyon, at Manila-sentrismo. Ginagamit din ang counter-neither-norism upang ipakita ang mga alternatibo sa pagitan ng ganap na pagtanggap o pagtanggi sa pagkaing Pilipino bilang bahagi ng sariling identidad.

## Ang Ugaling *Body Shaming*

Ang Kontra-Icon at Tinutugunang Dominanteng Diskurso: Ang kontra-icon ng body shaming ay nagaganap sa Pilipinas at sa mga diasporikong komunidad. Ito ay ang harap-harapang pagpuna o paghusga sa katawan o pisikal na anyo ng isang indibidwal, tulad ng timbang, hugis, kulay, o laki, maaari itong magdulot ng kahihiyan, pagbaba ng tiwala sa sarili, at pinsalang emosyonal o sikolohikal. Isa itong napakalaking isyu para sa maraming Pilipinong nasa Pilipinas. Sa konteksto ng mga diasporikong Pilipinong komunidad sa Estados Unidos, karaniwang lumilitaw rin ito sa anyo ng mga komentong tila biro o nagmamalasakit.

Ang mga dominanteng diskursong tinutugunan ng kontra-icon na ito ay ang pagiging bulag sa pagkakaiba sa pagitan ng mga Pilipinong nasa bansa at nasa Estados Unidos, at sa henerasyunal na pagkakaiba ng nakatatanda at nakababatang Pilipinong nasa Estados Unidos. Kung para sa mga Pilipinong nasa bansa ay makikitang malaking isyu ang body shaming, malaking isyu rin ito sa konteksyo ng mga Pilipino-Amerikano (One Down Media, 2020f). Kung para sa mga nakatatandang Pilipino-Amerikano ay katangap-tangap ang body shaming sa kontekto ng Pilipinong pagpapahalaga sa pakikisama, pagmamalasakit, pagmamahal, at pagiging magkakalapit-loob, hindi ito kailanman magiging katanggap-tanggap para sa mga nakababatang Pilipino-Amerikano (One Down Media, 2020f). Kahit sa bansang Pilipinas ay mararamdaman na rin ang pagtutol ng mga nakababatang Pilipino sa body shaming (One Down Media, 2020f).

**Ang Kontra-Mito at Kontra-Retorika:** Ang kontra-mito ng kontra-icon na ito ay nakaugat sa sensibilidad ng mga nakababatang Pilipino-Amerikano na hayagang tumututol sa patuloy na pag-iral ng body shaming sa loob ng pamilya at komunidad. Ang mga kabataang ito ay may mas mataas na kamalayan sa diskurso ng pagkilala sa pagkakaiba-iba ng katawan (body diversity) at positibong pagtingin sa katawan (body positivity), dulot ng kanilang pagkakalantad sa kontemporaryo at global na usapin hinggil sa mental health, consent, at personal boundaries. Dahil dito, malinaw nilang nauunawaan ang pisikal, emosyonal, at sikolohikal na pinsalang idinudulot ng body shaming, mula sa mababang tiwala sa sarili, pagkabalisa, at depresyon hanggang sa lumalim na pagkapahiya na humahadlang sa positibong paghubog ng identidad, lalo na kung ang panghuhusga ay nagmumula mismo sa pamilya.

Sa ganitong pagbasa, ang pagtutol ng nakababatang Pilipino-Amerikano sa body shaming ay hindi simpleng pagtanggi sa tradisyon, kundi isang kritikal na pagtugon sa isang praktikang kultural na hindi na umaayon sa kanilang konteksto at halaga. Kinukuwestiyon nila ang paniniwalang ang body shaming ay anyo ng pagmamalasakit o pag-aalala, at sa halip ay kinikilala ito bilang isang mekanismo ng kapangyarihan at pagdidisiplina sa katawan, lalo na sa kababaihan at queer. Ang mga testimonya nina Lea Salonga at AJ Rafael ay nagsisilbing mahalagang ebidensiya na kahit ang mga matagumpay at kinikilalang Pilipino ay hindi ligtas sa mapanghusgang pamantayang ito, at na ang pinsala ng body shaming ay hindi nalulutas ng tagumpay o katanyagan (One Down Media, 2020g).

Binabasag ng kontra-mito ang ideya na ang body shaming ay likás na bahagi ng kulturang Pilipino at tanda ng pagmamahal. Sa halip, ipinapakita nitong ang ganitong diskurso ay nagtatakda ng hindi makatotohanang panukat sa katawan at identidad ng kabataan, at patuloy na nagpapanatili ng kolonyal at eksklusibong pamantayan ng kagandahan. Para sa nakababatang Pilipino-Amerikano, ang pagtutol sa body shaming ay isang anyo ng negosasyon sa pagitan ng paggalang sa nakatatanda at pagtatanggol sa sariling dignidad. Sa ganitong pagbasa, ang kulturang Pilipino ay inilalantad hindi bilang sarado at banal na entidad, kundi bilang isang buhay na praktika na bukás sa pagpuna, pagbabago, at muling paghubog tungo sa mas makatao at makatarungang anyo.

Ginagamit ng kontra-mito ang mga kontra-retorikal na estratehiyang historisasyon at kontekstuwalisasyon upang ipakita na ang body shaming ay hindi likas o kinakailangang bahagi ng kulturang Pilipino. Sa halip na ituring itong anyo ng pagmamahal o pagmamalasakit, inilalantad nito ang body shaming bilang isang mekanismo ng kapangyarihan at kontrol na nagdudulot ng kahihiyan at emosyonal na pinsala. Sa pamamagitan ng counter-innoculation at counter-statement of fact, tinatanggihan nito ang maling paniniwala na normal o katangap-tanggap lang dapat ang body shaming sa kulturang Pilipino, at hinihikayat ang pagbabago patungo sa makatarungan, makatao, at marespetong pagtrato sa katawan.

## Pagbubuod

Ipinapakita ng Talahanayan 2 ang pitong kontra-icon na natukoy ng pag-aaral na ito mula sa unang season ng *Breaking the Tabo*, pati na ang kani-kanilang tintugunan na dominanteng diskurso, dalang kontra-mito, at ginamit na kontra-retorikal na estratehiya.

**Talahanayan 2**

*Pitong Kontra-Icon, mga Tinugunang Dominanteng Diskurso, Kontra-Mito, at Kontra-Retorikal na Estratehiya*

| Kontra-Icon | Dominanteng Diskursong Tinutugunan | Kontra-Mito | Kontra-Retorikal na Estratehiya |
|---|---|---|---|
| Representasyon ng mga Pilipino sa Hollywood | Ang pagsama ng mga Pilipino sa Hollywood production ay hindi awtomatikong tanda ng inklusibidad at tagumpay | Hindi tunay na inklusibo ang Hollywood, binubura nito ang Pilipino sa racially ambiguous casting | Rekontekstuwalisasyon |
| Ang Gender-Neutral na Terminong *Filipinx* | Ang debate kung dapat bang isulong o tutulan ang terminong *Filipinx* | Ang Filipinx ay parehong inklusibong at progresibong termino, at problematiko at kolonyal na termino, kaya hindi ito dapat pagmumulan ng hidwaan sa pagitan ng mga diasporikong Pilipino pati ng mga Pilipino | Historisasyon, Rekontekstuwalisasyon, at Counter-neither-norism |

| Kontra-Icon | Dominanteng Diskursong Tinutugunan | Kontra-Mito | Kontra-Retorikal na Estratehiya |
|---|---|---|---|
| Diasporikong Pagkalito sa Identidad | Ang panini-walang ang et-nikong identidad (Asian, Pacific Islander, Ameri-can) ay likás, malinaw, at hindi problematiko | Ang pagiging Pilipino ay dapat igiit bilang na-tatanging identi-dad, hindi takpan ng mas malalak-ing kategorya | Historisasyon, Rekontekstu-walisasyon, at Counter-state-ment of fact |
| Ang Katayuan ng mga Diaspor-ikong Pilipino sa Kasaysayang Amerikano | Ang mga Pilipino ay kultural na ornamento la-mang at walang walang mahala-gang naiambag sa kasaysayan ng Amerika | Ang mga diasporikong Pili-pino ay hindi pa-sibong minorya kundi aktibong manggagawa at aktibista na humubog sa kasaysayan ng Amerika sa kabila ng rasismo at karahasan | Historisasyon at Rekontekstuwal-isasyon |
| Ang mga Dia-sporikong Pili-pino sa Kanada | Dahil umiiral ang multikulalismo sa Kanada, maayos ang kalagayan ng mga Pilipino-Kanadyano | Hindi sapat ang multikul-turalismo ng Kanada, ang mga Pilipino-Kanady-ano ay functional na tinatanggap bilang mang-gagawa ngunit patuloy na lum-alaban para sa representasyon, kapangyarihan, at politikal na boses | Historisasyon at Rekontekstuwal-isasyon |

| Kontra-Icon | Dominanteng Diskursong Tinutugunan | Kontra-Mito | Kontra-Retorikal na Estratehiya |
|---|---|---|---|
| Ang Pagkaing Pilipino | Hindi dapat baguhin ang pagkaing Pilipino, at ang pagiging Manila-centric ng pagkaing Pilipino | Ang pagkaing Pilipino ay dinamiko at historikal, maaaring baguhin at palawakin ito gamit ang sensibilidad at sangkap ng diaspora at ang mas malawak nitong pagsaklaw sa mga rehiyunal na pagkain | Historisasyon at Counter-neither-norism |
| Ang Ugaling Body Shaming | Ang body shaming ay katanggap-tanggap para sa mga Pilipino | Ang body shaming ay hindi pagmamahal at pagmamalasakit, kundi mekanismo ng kapangyarihan, dapat itong tutulan ng kabataang Pilipino-Amerikano sa ngalan ng dignidad, body diversity, at mental health | Historisasyon, Rekontekstuwalisasyon, Counter-innoculation, at Counter-statement of fact |

Sa kabuuan, ang mga kontra-icon sa *Breaking the Tabo* ay hindi simpleng magkakahiwalay na tema; sila ay magkakaugnay na representasyon ng karanasan ng diaspora bilang isang larangan ng tunggalian. Hollywood, Filipinx, identidad, kasaysayang Amerikano at Canada, pagkain, at katawan ay nagiging mga tanda kung saan malinaw ang hindi pagkakatugma sa pagitan ng umiiral na diskurso at ng tunay na karanasan ng mga diasporikong Pilipino. Sa pamamagitan ng kontra-icon, lumilipat ang pokus mula sa kawalan ng bisibilidad patungo sa pagkilala, mula sa simpleng integrasyon patungo sa empowerment, at

mula sa tradisyon patungo sa kritikal na pagbabago. Sa ganitong paraan, lumilitaw ang Pilipino sa diaspora hindi bilang pasibong nakikiangkop kundi bilang aktibong nagkapagnegosasyon para sa sarili at kolektibong identidad.

Ang mga dominanteng diskurso na binibigyang-diin ng serye ay may iisang lohika: ipinapakita nilang natural, mabuti, at sapat ang umiiral na kaayusan. Halimbawa, ipinapalagay ng Hollywood ang inklusibidad, ng Canada ang multikulturalismo, ng Filipinx ang progresibismo at kolonyalismo, ng kasaysayang Amerikano ang pagiging marhinalisado ng Pilipino, ng pagkaing Pilipino ang purismo, at ng body shaming ang pagiging katanggap-tanggap. Sa likod ng wika ng dibersidad, tradisyon, at sentido komon, nakatago ang hindi pagkakapantay-pantay, eksploytasyon, at kontrol. Hindi rin lahat ng dominanteng diskurso ay nagmumula sa mga dominanteng grupo; minsan, umuusbong din ang mga ito mula sa marhinalisadong komunidad ng diaspora. Gayunpaman, kailangan pa ring labanan ang mga diskursong ito upang hindi hadlangan ang pagkakaisa at ang patuloy na pagpapaigting ng identidad ng mga Pilipino sa ibayong-dagat.

Tinututulan ng *Breaking the Tabo* ang mga dominanteng mito sa pamamagitan ng kontra-mito na nagpapakita ng diaspora hindi bilang tahimik na tagumpay kundi bilang patuloy na pakikibaka para sa pagkilala at kapangyarihan. Hindi sapat ang multikulturalismo, hindi simple ang identidad, hindi dekorasyon ang Pilipino sa kasaysayang Amerikano, at hindi pagmamahal ang body shaming. Sa halip, inilalarawan ang mga Pilipino sa diaspora bilang aktibong tagapagbuo ng kultura, politika, at komunidad. Binibigyang-diin ng kontra-mito ang historikal, politikal, at etikal na batayan ng pagiging Pilipino sa ibayong-dagat, na lumalampas sa mga umiiral na simplistikong pananaw.

Pinagbubuklod ang buong serye ng isang kritikal na kontra-retorika na kinabibilangan ng historisasyon, rekontekstuwalisasyon, at iba't ibang anyo ng kontra-pagpapahayag. Ibinabalik ng historisasyon ang pansin sa kolonyalismo, migrasyon, at paggawa; iniuugnay ng rekontekstuwalisasyon ang personal sa estruktural; nilalabanan ng counter-statement of fact ang maling naturalisasyon; binabasag ng counter-neither-norism ang mapanlinlang na binaryo; at winawasak ng counter-innoculation ang mga diskursong nagpapanggap na inosente. Sa kabuuan, ginagawang ideolohikal na lantad ang mga "normal" na paniniwala at binubuksan ang espasyo para sa mas makatarungan at mas malay na pagbasa sa karanasan ng diaspora.

## Kongklusyon

Sinuri ng papel na ito ang *Breaking the Tabo* bilang serye ng mga kontra-mitikong teksto na aktibong humahamon sa dominanteng representasyon at diskurso hinggil sa diasporang Pilipino sa Hilagang Amerika. Sa pamamagitan ng kontra-Barthesianong semiolohiya, ipinakita na ang serye ay lumilikha ng mga kontra-icon, mula sa Hollywood representation, Filipinx debate, diasporikong kalituhan sa identidad, hanggang sa pagkain at body shaming, na nagsisilbing sandata laban sa naturalisasyon, pagbubura, at trivialization ng karanasang Pilipino-Amerikano at Pilipino-Kanadyano.

Ang mga kontra-mitong ito ay hindi lamang naglalantad ng ideolohikal na operasyon ng mainstream na midya at kulturang popular, kundi nagbubukas din ng espasyo para sa historisasyon, rekontekstuwalisasyon, at politikal na pag-angkin ng identidad. Sa ganitong paraan, ang *Breaking the Tabo* ay gumaganap bilang diskursibong interbensiyon: hindi simpleng representasyon ng kultura, kundi aktibong pakikilahok sa semiotikong pakikibaka para sa mas makatarungan, kritikal, at inklusibong pag-unawa sa pagiging Pilipino sa diaspora.

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, mariing inirerekomenda na kilalanin at aktibong suportahan ng mga institusyong pangmidya, pang-edukasyon, at pangkultura ang mga independiyenteng platapormang diasporiko, katulad ng One Down Media, bilang mga lehitimo at mahalagang prodyuser ng kaalamang kultural at kontra-diskurso. Para sa industriya ng midya at aliwan, kinakailangang mapag-usapan nang masinsinan maglatag ng malinaw at etikal na patakaran laban sa racially ambiguous casting na sistematikong nagbubura sa espesipikong identidad ng mga minoryang pangkat, at sabayan ito ng sinadyang paglikha ng mga papel at naratibong hayagang kumikilala sa historikal at kontemporanyong karanasan ng mga minoryang pangat.

Sa larangan naman ng edukasyon, hinihikayat ang mga paaralan at unibersidad na isama ang mga digital na teksto tulad ng *Breaking the Tabo* sa kurikulum ng Araling Pilipino, Diaspora Studies, at Media Studies, hindi lamang bilang materyal na panturo kundi bilang analitikong halimbawa ng kontra-diskurso sa kulturang popular.

Para sa mga organisasyong pangkomunidad at ahensiyang pangkultura, katulad ng National Commission for Culture and the Arts at iba't ibang embahada ng Pilipinas, mahalaga ang sistematikong pagpopondo, dokumentasyon, at pag-arkibo ng mga digital na

produksiyong ng mga diasporikong Pilipino upang matiyak ang kanilang pangmatagalang akses, preserbasyon, at panlipunang epekto. Sa pamamagitan ng ganitong magkakaugnay na hakbang, maaaring maitanghal ang digital na midya bilang institusyonalisadong larangan ng representasyon, kritikal na edukasyon, at kolektibong lakas ng diasporang Pilipino.

Inirerekomenda ng pag-aaral na palawakin pa ang pananaliksik sa kontra-mitolohiya ng diasporang Pilipino sa iba't ibang anyo ng digital na teksto, tulad ng podcasts, TikTok bidyos, memes, at web series, upang masuri kung paano nag-iiba ang kontra-retorikal na estratehiya ayon sa plataporma at audience.

Maaari ding magsagawa ng komparatibong pag-aaral sa pagitan ng Pilipino at iba pang Southeast Asian diasporas upang tukuyin ang pagkakatulad at pagkakaiba ng kanilang mga kontra-diskurso sa loob ng mas malawak na kategoryang "Asian American." Mahalaga ring siyasatin ang resepsyon ng audience, lalo na ang henerasyunal at transnasyonal na pagbasa, upang maunawaan kung paanong tinatanggap, tinatanggihan, o nire-reinterpret ang mga kontra-mitong ito.

Sa antas ng transnasyonal na identidad, ipinakikita ng serye na ang pagiging Pilipino sa diaspora ay hindi simpleng paglipat ng identidad mula Pilipinas patungo sa Hilagang Amerika, kundi isang tuloy-tuloy na negosasyon sa pagitan ng rasiyal at institusyonal na pamantayan ng host society, mga normang kultural ng pamilya at komunidad, at sariling diskursibong pagpili ng diasporikong Pilipino sa wika, katawan, pagkain, kasaysayan, at representasyon. Ipinakikita ng pag-aaral na ang transnasyonal ay ugnayan ng mga rehimen ng representasyon. Mula Hollywood casting, Filipinx debate, Asian at Pacific Islander na kategorya, hanggang pagkain at body shaming, malinaw na ang transnasyonal na identidad ay arena ng kapangyarihan kung saan nagtatagpo ang pagkakasya, pag-aangkin, at paglaban.

Sa teoretikal na antas, maaaring higit pang linangin ang kontra-Barthesianong semiolohiya bilang analitikong balangkas sa pag-aaral ng popular na kultura sa Global South at sa diaspora, upang mas maipakita ang mito hindi lamang bilang mekanismo ng dominasyon kundi bilang larangan ng paglaban at pagbubunyag.

## References


Aquino, B. A., & Magdelena, F. V. (2010). *A brief history of Filipinos in Hawaii*. Center for Philippine Studies, University of Hawaii Manoa.

Barthes, R. (1972) *Mythologies*. Noonday Press.

Benitez, N. I. (2022). *Does "x" mark the spot?: Negotiating Filipino/a/x identities online in the Philippines and the diaspora* (Thesis). Haverford College. http://hdl.handle.net/10066/24479

Bonus, R. (2000). *Locating Filipino Americans: Ethnicity and the cultural politics of space*. Temple University Press.

Collins Dictionary. (n.d.). Taboo. In Collins English Dictionary. Retrieved September 1, 2026, from https://www.collinsdictionary.com/dictionary/english/taboo

Demeterio, F.P.A. (2013). "Isang Semyolohikal Na Pagsusuri Sa Mga Kontradiksiyong Nakapaloob Sa Panlipunang Kritisismo Ni Gloc-9." *Malay Journal, 26*(1), 17–35. https://ejournals.ph/article.php?id=8042

Demeterio, F. P. A III. (2020). Rafael Lerma's photojournalistic take on the Duterte Administration's drug war: A counter-Barthesian semiological study. Plaridel, 17(1), 75-110. https://doi.org/10.52518/2020.17.1-03demtro

Liwanag, L. A. L., & Demeterio, F. P. A., III. (2016). Barthesian semiologies on selected YouTube bidyo clips of Petra Mahalimuyak. Plaridel, 13(2), 51-76. https://doi.org/10.52518/2016.13.2-03liwdem

Okamura, J.Y. (2013). *Imagining the Filipino American Diaspora: Transnational Relations, Identities, and Communities* (electronic ed.). Routledge. https://doi.org/10.4324/9780203055359

Okamura, J. Y. (2009). From running amok to eating dogs: a century of misrepresenting Filipino Americans in Hawai'i. *Ethnic and Racial Studies, 33*(3), 496–514. https://doi.org/10.1080/01419870903055993

One Down Media. (n.d.-a). *One Down Media* [Facebook page]. Facebook. Retrieved September 1, 2026, from [https://www.facebook.com/onedwnmedia]

One Down Media. (n.d.-b). *One Down Media* [Instagram profile]. Instagram. Retrieved September 1, 2026, from https://www.instagram.com/onedown.media?igsi=ZDhjaGFuc3l3MWUw

One Down Media. (n.d.-c). *One Down Media* [YouTube channel]. YouTube. Retrieved September 1, 2026, from https://youtube.com/@onedownmedia?si=pzqEQanP9AjsfIKt

One Down Media. (2018). *Our story and mission*. Los Angeles: ODM. Retrieved September 1, 2026, from https://onedown.media/about-us

One Down Media. (2020a, September 25). *Breaking The Tabo | Official trailer | One Down* [Video]. Facebook. Retrieved November 24, 2025, from https://fb.watch/iUBtlvBHVq/

One Down Media. (2020b, October 2). *Filipinos in entertainment | Breaking The Tabo | Episode 1 | One Down* [Video]. Facebook. Retrieved November 24, 2025, from https://fb.watch/dk9-TO_OeJ/

One Down Media. (2020c, October 9). *Filipino vs Filipinx | Breaking The Tabo | Episode 2 | One Down* [Video]. Facebook. Retrieved November 24, 2025, from https://fb.watch/dk9Yb6Nfz3/

One Down Media. (2020d, October 16). *Can Filipinos claim "Pacific Islander"? | Breaking The Tabo | Episode 3 | One Down* [Video]. Facebook. Retrieved November 24, 2025, from https://fb.watch/dka5_jR3qz/

One Down Media. (2020e, October 23). *Filipino American history | Breaking The Tabo | Season 1 | Episode 4* [Video]. Facebook. Retrieved November 24, 2025, from https://fb.watch/dka8CNArVG/

One Down Media. (2020f, October 30). *Is Filipino food unhealthy? | Breaking The Tabo | Episode 5 | One Down* [Video]. Facebook. Retrieved November 24, 2025, from https://fb.watch/dkaJSC2OqT/

One Down Media. (2020g, November 6). *Body shaming in Filipino culture | Breaking The Tabo | Episode 6 | One Down* [Video]. Facebook. Retrieved November 24, 2025, from https://fb.watch/dkbb7eS6y5/

One Down Media. (2020h). *Breaking the Tabo: Season 1*. Los Angeles: ODM. [Video]. Youtube. Retrieved November 24, 2025, from https://www.youtube.com/watch?v=9jusUSUTfm4&list=PL3ZIqQEJn3q2J9wtKtMr_3Gpm15VyZyg9

One Down Media. (2021, July 1). *Filipinos in Canada | Breaking The Tabo | One Down* [Video]. Facebook. Retrieved November 24, 2025, from https://fb.watch/dkbrJZ_Icj/

One Down Media. (2024). *Company profile and values*. Los Angeles: ODM. Retrieved September 1, 2026, from https://onedown.media/about-us

## Grant Support Details

**Author Contributions:** Investigation, data curation, and writing—original draft, V.C.S.; writing—review and editing, revision of the original draft, and project administration, L.A.L.; conceptualization, methodology, writing—review and editing, revision of the original draft, and project administration, F.P.A.D. All authors have read and agreed to the published version of the manuscript.

**Funding:** The authors received no specific funding for this work.

**Acknowledgements:** The authors would like to thank One Down Media for producing and making publicly accessible the first season of Breaking the Tabo, which constituted the primary media corpus analyzed in this study. The authors also acknowledge the creators and production team of the series for contributing to public discussions concerning Filipino diasporic identity, representation, history, and culture in North America.

**Conflict of Interest:** The authors declare no conflict of interest.

## About the Authors

**VANGIE C. SUMALINOG** (vangiesumalinog12@gmail.com) finished her bachelor's degree in Philippine Studies majoring in Filipino in Mass Media and minoring in Political Science as a Summa cum laude at De La Salle Uni- versity-Manila. She served as an Office Manager of the official yearbook publication organization of DLSU Green & White and the Vice President for Publicity of the Dalubhasaan ng mga Umuusbong ng Mag-aaral ng Araling Filipino (DANUM).

**LESLIE ANNE L. LIWANAG** (leslie.liwanag@dlsu.edu.ph) is a faculty member at De La Salle University Laguna's School of Innovation and Sustainability. She earned her PhD in Philippine Studies from De La Salle University Manila at age 26. Her teaching experience includes full-time faculty positions at Visayas State University, Central Luzon State University, and Polytechnic University of the Philippines. Internationally, she has served as a visiting research professor at the Catholic University of America, the Chinese University of Hong Kong, and Princeton Theological Seminary's Overseas Ministries Study Center. She co-leads AI-assisted research mentoring workshops at DLSU, promoting responsible generative AI use in academic research. Her scholarly contributions earned her a nomination for the St. Miguel Febres Cordero Pillar of Lasallian Excellence Award in Research. Her research interests include Philippine and Asian Studies, media and cultural studies, Filipino philosophy, intellectual history, religion and society, cultural identity, representation, and interdisciplinary approaches to contemporary social issues.

**F.P.A. DEMETERIO III** (feorillo.demeterio@dlsu.edu.ph) is a Distinguished Full Professor in the Department of Filipino, College of Liberal Arts, De La Salle University, where he also serves as Executive Director of the Research and Grants Management Office. He has authored several books on Philippine politics, Catholic bishops, Ferdinand Blumentritt, Mindanao, workplace inclusion, and Filipino-Spanish churches, and has written or co-written more than 100 articles on hermeneutics, cultural studies, Philippine studies, and Filipino philosophy. Demeterio has held visiting research professorships at the Catholic University of America and the Chinese University of Hong Kong. He received recognition as an outstanding philosophy alumnus of the University of Santo Tomas in 2014 and the Matthew Eichler Memorial Fellowship in Education in 2022. He co-founded the Andrew Gonzalez Philippine Citation Index and currently heads the Matter and Memory Research Laboratory of De La Salle University's College of Liberal Arts. His scholarship bridges philosophy, culture, history, and education.